


Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 1: Dahilan at Layunin ng Pananakop ng mga Espanyol



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 1: Dahilan at Layunin ng Pananakop ng mga Espanyol Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ramil P. Bingco, Charie B. Sauro, at Irish Gay G. Solana

Editor: Myrna D. Gerardo at Rosemarie M. Guino

Tagasuri: Engelyn P. Achacoso at Narcisa Verano

Tagalapat: Richie C. Blasabas, Earl Bennette A. Roz

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu EdD.

Nova P. Jorge EdD

Genis S. Murallos

Francis Angelo S. Gelera

Rosemary S. Achacoso

Mario R. Orais

Roel C. Tugas

Regel C. Mullet

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 1:

Dahilan at Layunin ng Pananakop

ng mga Espanyol

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Nagsimulang magkaroon ng malaking pagbabago sa kasaysayan ng Pilipinas noong dumating si Ferdinand Magellan sa bansa noong taong 1521. Ang pangyayaring ito ay nagbunga ng isang malaking hamon sa mga Pilipino dahil nagsimulang magka-interes ang mga Europeo sa mga bansang nasa **Far East** o Malayong Silangan na kinabibilangan ng bansang Pilipinas.

Sa araling ito ay malalaman mo ang paraan ng pagsakop ng mga Espanyol sa ating bansa. Mauunawaan mo rin ang iba't ibang layunin ng pananakop nila ng mga lupain. Malalaman mo ang mga paraang ipinatupad ng dayuhang mananakop upang mapasailalim and Pilipinas sa kamay nila.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang maipapaliwanag at mapapahalagahan mo ang mga dahilan at layunin ng pananakop ng mga Espanyol.

Ang modyul na ito ay nahahati sa mga sumusunod na aralin:

Aralin 1- Kayamanan: Sukatan ng Kapangyarihan

Aralin 2- Kristiyanismo: Sandalan ng Paniniwala

Aralin 3- Karangalan: Susi ng Kasikatan



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa pagkontrol ng isang malakas na bansa sa isang mahinang bansa?
 - A. kapitalismo
 - B. kolonyalismo
 - C. komunismo
 - D. sosyalismo
2. Kailan naganap ang kauna-unahang misa sa Pilipinas?
 - A. Marso 2,1521
 - B. Marso 6,1521
 - C. Marso 16,1521
 - D. Marso 31,1521
3. Sino ang pinuno ng Cebu na bininyagan bilang tanda ng pagiging Kristiyano?
 - A. Lapu-Lapu
 - B. Rajah Humabon
 - C. Rajah Kolambu
 - D. Rajah Sulayman
4. Sino ang pinuno ng mga Espanyol na nagwagi sa labanan sa Cebu at Maynila?
 - A. Juan Garcia
 - B. Miguel Lopez de Legazpi
 - C. Ruy Lopez de Villalobos
 - D. Saavedra Ceron
5. Ang mga sumusunod ay ang mga lugar na napasailalim sa kapangyarihan ni Legazpi maliban sa isa. Ano ang lugar na ito?
 - A. Albay
 - B. Cavite
 - C. Masbate
 - D. Mindoro
6. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag na ang kayamanan ay isa sa mga layunin ng Espanya sa pagtuklas at pagsakop ng bagong lupain?
 - A. maipalaganap ang kristiyanismo
 - B. makamit ang katanyagan ng bansa
 - C. mapaunlad ang ekonomiya ng kolonya
 - D. maangkin ang mga likas na yaman ng bansa

7. Alin ang isa sa mga dahilan kung bakit nabigo ang mga katutubong Pilipino sa pagpigil sa mga dayuhang Espanyol na sakupin ang kanilang mga pamayanan?

- A. Hindi nagkakaisa ang mga katutubo.
- B. Itinatag ng mga Espanyol bilang isang lungsod ang Maynila.
- C. Muntik nang matalo ng mga katutubong Pilipino ang mga Espanyol.
- D. Mas kakaunti ang bilang ng mga mandirigmang Pilipino laban sa Espanyol

8. Alin dito ang pangunahing dahilan ng paglalakbay ng mga Europeo sa Malayong Silangan?

- A. Hanapin ang pulo ng Moluccas
- B. Makipagkaibigan sa mga Pilipino
- C. Maipalaganap ang Kristyanismo sa bansa
- D. Ang pakikipagkalakalan ng mga Espanyol sa mga bansang Asyano

9. Alin sa mga sumusunod ang mahalagang nangyari sa ating pananampalataya nang dumating si Magellan sa Pilipinas noong 1521?

- A. Natakot ang mga Pilipino.
- B. Narating ni Magellan ang Limasawa.
- C. Nakilala ni Magellan ang mga katutubong pinuno ng mga isla.
- D. Nagkaroon ng labanan ang grupo nina Magellan at Lapu-lapu sa Mactan.

10. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dahilan ng pagtuklas at pananakop ng mga Espanyol?

- A. Maging tanyag at makapangyarihan
- B. Maipalaganap ang Relihiyong Kristiyanismo
- C. Upang palakasin ang mga mahihinang bansa
- D. Makuha ang kayamanan ng mga masasakop na lupain

Aralin

1

Kayamanan (Gold): Sukatan ng Kapangyarihan

Sa araling ito ay malalaman mo ang layuning pangkabuhayan bilang isa sa mga pangunahing dahilan ng pananakop ng mga Espanyol sa bansa. Isang batayan ng kapangyarihan ng isang mananakop ay ang dami ng kayamanan na kanilang nasasamsam o nakukuha sa mga nasakop na bansa. Ito ang namayaning kaisipan noong Panahon ng Paggalugad at Pagtuklas na naganap mula ika-15 hanggang ika-17 siglo.



Balikan

Panuto: Kumuha ng isang pirasong papel at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamangsagot.

1. Ang mga sinaunang Pilipino ay sagana sa ibat-ibang_____.
 - A. espirito
 - B. kaugalian
 - C. sulat
 - D. wika
2. Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay taglay na ng mga sinaunang Pilipino ang mga sumusunod na maipagmamalaki natin ngayon maliban sa isa. Ano ito?
 - A. Awit at sayaw
 - B. Katapangan
 - C. Kristiyanismo
 - D. Paraan ng pagsulat
3. Ilan sa paniniwala ng mga Pilipino ngayon ay ang pag-alala at pagbibigay halaga sa mga yumaong pamilya, ito ay isa sa mga_____ng ating mga ninuno o sinaunang kabihasnansa ating lipunan.
 - A. Ala-ala
 - B. Katuwaan
 - C. Kontribusyon
 - D. Simbolo

4. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na pinakamahalagang kontribusyon ng ating mganinuno sa ating lipunan ngayon?

- A. Uri ng pananamit
- B. Sistema ng pagsulat
- C. Paraan ng pakikipagdigma
- D. Malalim na pagtitiwala sa Manlilikha

5. Bago pa dumating sa bansa ang mga mananakop, ang mga sinaunang Pilipino ay may sariling kultura, paniniwala, wika, at pagsulat.

- A. Tama
- B. Mali
- C. Hindi ako sigurado
- D. Hindi ako naniniwala



Tuklasin

Panuto: Tukuyin kung ano ang pangalan ng larawan ng mga sumusunod:

1. G_N_ _



2. PA_P_ _AS_ OS_IC_S



3. P_M_N_A



4. B_W_N_ _



5. PR_D_K_O





Suriin

Ninais ng mga bansa sa Europa na madagdagan ang kanilang kayaman at kabuhayan dahil ito ang isang batayan ng pagiging mayaman o makapangyarihang bansa noon. Ang paniniwalang ito ang tinatawag na **merkantilismo**. Lumaganap ang konseptong merkantilismo sa paniniwalang ang mga bansa ay mas lalakas at mas magiging makapangyarihan kung magkakaroon ito ng maraming nalikom na kayaman sa anyo ng mamahaling metal tulad ng ginto at pilak.


Nais ng mga Espanyol na palawakin ang kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng panggagalugad ng mga bansa. Dahil sa estratehikong lokasyon ng Pilipinas na malapit sa islangtinatawag na **Spice Islands o Moluccas** na hinahanap ng mga Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa, ito ay nagbigay-daan sa pagkadiskubre at pagdating ng mga Espanyol sa bansa. Ang mga rekado o mga sangkap na nagpapasarap sa pagluluto tulad ng paminta, luya, sili, bawang, oregano, cinnamon, at nutmeg ay mahalaga sa mga taga-Europa. Sa paglipas ng panahon, lumaki ang pangangailangan ng taga-Europa sa mga pampalasa ng pagkain, mga sangkap sa pag-iimbak ng pagkain, at sangkap sa panggagamot. Ang Pilipinas ang naging sentrong pamamahagi ng iba't ibang produkto mula sa Timog-Silangang Asya dahil daanan ito ng mgasasakyang pandagat buhat sa maraming panig ng mundo. Bunga nito, umunlad din ang ekonomiya ng bansa pati na rin ang kultura nito.



Pagyamanin

Panuto: Kumpletuhin ang Graphic Organizer. Anu-ano ang kayamanan o pangkabuhayan ang nais makuha ng mga Espanyol sa Pilipinas? Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- A. mamahaling metal tulad ng ginto at pilak
- B. mga sangkap sa pagluluto
- C. sangkap sa panggagamot
- D. simbahan
- E. sangkap sa pag-iimbak ng pagkain
- F. pampalasa ng pagkain o spices



Aralin 2

Kristiyanismo (God): Sandalanng Paniniwala

Sa layuning panrelihiyon nagtagumpay ang bansang Espanya. Naging Kristiyano ang nakararaming Pilipino. Ang naging bunga ng Kristiyanismo sa buhay ng mga Pilipino ay mahalagaat panghabambuhay. Sa modyul na ito, inaasahang masasabi mo ang bahaging ginampanan ngsimbahan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo.



Balikan

Panuto: Naaalala mo pa ba ang mga kaalaman tungkol sa pananampalataya ng mga unang Pilipino? Sagutin ang mga tanong sa tulong ng mga salitang nakapaloob sa mga kahon. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.

B	K	A	M	B	N	T	I	R	D
S	O	D	R	A	Y	X	S	F	Z
D	R	M	T	T	B	F	L	T	Q
F	A	T	Y	H	I	F	A	Y	A
G	N	X	C	A	H	U	M	K	L
H	Y	W	H	L	Y	V	R	I	L
N	R	T	I	A	O	Q	P	Y	A
P	A	G	A	N	O	T	O	F	H

1. banal na kasulatan ng Islam
2. panginoon ng mga Muslim
3. tawag ng mga Tagalog sa Dakilang Lumikha
4. salitang Arabe na Salam na ang kahulugan ay kapayapaan
5. pananampalataya ng mga ninunong Pilipino sa isang Dakilang Makapangyarihanglumikha ng daigdig, tao, pamayanan



Tuklasin

Panuto: Tukuyin ang konseptong inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagotsa iyong sagutang papel.

A. Ferdinand Magellan

D. Cebu

B. Lapu-Lapu

E. Limasawa

C. Raja Humabon

F. Sto. Niño

- _____ 1. Isang pulo sa Pilipinas na pinaniniwalaang lugar kung saan ginanap angunang misa.
- _____ 2. Siya ay isang katutubong pinuno sa Cebu na tumanggap kay Magellan at nagpabinyag sa Kristiyanismo noong 1521.
- _____ 3. Isang tanyag na manlalayag na nakarating sa Pilipinas noong 1521 na unang nagpatunay na bilog ang daigdig.
- _____ 4. Isang Imahen ng batang Hesus na tanda ng pagiging Kristiyano na inihandogni Magellan kay Humabon.
- _____ 5. Pinuno ng mga katutubo sa Mactan na nakipaglaban at nagtagumpay labansa mga Espanyol kung saan nasawi si Magellan.



Suriin

Isa sa mga layunin o misyon ng mga Espanyol sa kanilang pananakop ay ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Nagsimula ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa pagdatingng ekspedisyon na pinamunuan ni Ferdinand Magellan noong 1521. Kasama niya si Padre Pedro Valderrama na nagsagawa ng unang misa sa Limasawa at bininyagan niya ang mga katutubo. Ito ay nasundan nang tumuloy sina Magellan sa Cebu. Pagkatapos ng misang naganap, nagtayong krus si Magellan at sinundan ito ng pagbibinyag sa mga katutubo na pinamunuan ni Raha Humabon at ng kanyang asawa. Sila ay binigyan ng pangalang Carlos at Juana. Isang imahen ng Sto. Nino ang ibinigay kay Juana. Nang tumuloy sila sa Mactan ay sinalubong sila ng mga kawal ni Lapu-lapu, ang pinuno ng Mactan at naganap ang labanan na ikinasawi ni Magellan at mga kawal nito.

Ang ikalawang ekspedisyon ay pinamunuan ni Miguel Lopez de Legazpi at kasama niya si Padre Andres de Urdaneta. Nagtuloy sila sa Bohol at bininyagan ni Padre Andres ang mga katutubo na pinamunuan nina Raja Sikatuna at Raja Sigala. Tumuloy sina Legazpi sa Cebu at nang masakop nila ito ay itinatag ang kauna-unahang panirahan ng mga Espanyol sa Pilipinas. Sa bawat lupain na sinakop ng mga Espanyol, nagtulungan ang mga pinuno ng pamahalaan at mga prayle o pari. Pinalaganap ng mga prayle ang Relihiyong Romano Katoliko sa pamamagitan ng kanilang mabisang pananalita at makukulay na seremonya at ang mga pinuno ay nagpairal ng mga batas sa pamahalaan na umayon sa mga alituntunin ng relihiyon.

Ipinakilala ng mga Espanyol ang pananampalatayang Kristiyanismo na naniniwala sa iisang Diyos na may likha ng tao at ng lahat ng bagay sa mundo. Si Jesus ay ang Diyos Anak attagapagligtas ng sanlibutan. Ang pagkakaiba ng Kristiyanismo sa Paganismo ay nasa paniniwala, aral, katawagan, at seremonya o ritwal. Maraming sekta ang Relihiyong Kristiyano. Ang RomanoKatoliko ang dala ng mga Espanyol sa Pilipinas. Ang pinakamataas na pinuno ng Katoliko ay nasa Roma at siya ay tinatawag na Pope o Papa. Ang mga batas sa pamahalaan ay umayon samga alituntunin ng Relihiyong Romano Katoliko tulad ng mga sumusunod:

Batas	Mga Dapat Tandaan
1. Pagpapabinyag sa simbahan	<ul style="list-style-type: none"> • Ito ay pormal na pagtanggap bilang kasaping simbahan • Dapat may unang pangalan na hango sa mga Santo o may kinalaman sa relihiyontulad ng Maria, Lucas at iba pa • Dapat may huling pangalan o apelyido tulad ng Cruz, Lamadrid, Santos, at Torres
2. Pagpapakasal sa simbahan	<ul style="list-style-type: none"> • Ang kasal ay sakramentong panghabambuhay • Pinagbabawal ang paghihiwalay ng mag-asawa
3. Pagtutol sa pag-aalsang panrelihiyon	<ul style="list-style-type: none"> • Pinaparusahan ang sinumang magbabaliksa katutubong pananampalataya • Pinaparusahan ang sinumang magtatatag ng samahang pangrelihiyon na hindi sang-ayon sa Relihiyong Katoliko
4. Pagbibigay ng pangalan sa bawat bayan o baryo	<ul style="list-style-type: none"> • Ang pangalan ng lugar ay parangal sa isang Santo tulad ng San Esteban, SantaCatalina, at Santa Ana • Ang kapistahan ng Patrong Santo
5. Pagtuturo sa mga paaralan sa parokya	<ul style="list-style-type: none"> • Ang pinakamahalagang asignatura ay angpag-aaral ng relihiyon, mga dasal, at kautusan ng Simbahang Katoliko.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang pahayag at isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Kailan nagsimulang palaganapin ang Relihiyong Kristiyanismo sa bansa?
 - A. pagdating ng mga Hapon
 - B. pagdating ng mga Espanyol
 - C. pagdating ng mga Amerikano
 - D. pagdating ng mga Austronesyano
2. Ang nanguna sa pagpapalaganap ng Relihiyong Romano Katoliko sa Pilipinas ay mga .
 - A. katutubong bininyagan
 - C. misyonerong Espanyol
 - B. pinunong Espanyol
 - D. sundalong Espanyol
3. Ito ay isang maliit na isla sa Samar na kauna-unahang napuntahan nila Magellan.
 - A. Bohol
 - B. Cebu
 - C. Homonhon
 - D. Limasawa
4. Sa ilalim ng kapangyarihang panghukuman, ang prayle ay may kapangyarihang_____.
 - A. magpasya kung sino ang ititiwalag sa simbahan
 - B. mamahala sa halalang lokal at gawaing pambayan
 - C. magtala ng bilang ng mga ipinanganganak at inililibing
 - D. mangasiwa sa sakramento tulad ng binyag, kumpil, at kasal
5. Ang mga sumusunod ay mga batas na dapat sundin sa pagpapabinyag maliban sa isa.
 - A. dapat may pangalan na hango sa santo
 - B. dapat pormal na tinatanggap bilang kasapi ng relihiyon
 - C. dapat may dugong Espanyol ang pamilya ng nagpapabinyag
 - D. dapat may huling pangalan o apelyido ng Espanyol ang bibinyagan

Aralin

3

Karangalan (Glory): Susi ng Kapangyarihan

Hindi lamang ang kayaman na makukuha sa isang sakop na bansa o maging ang pagpapakilala sa bagong pananampalataya o relihiyon kundi karangalan din ang mauna at makapagpalawak ng mga nasasakupan nito. Sa araling ito ay mauunawaan mo ang isa pang basehan kung paano maging tanyag o makapangyarihan ang isang bansa noon. Kinakailangang mauna ang isang bansa sa pananakop ng ibang bansa para mapalawak ang kanilang teritoryo.



Balikan

Panuto: Itugma ang mga pangyayari sa Hanay A sa mga salita sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutangpapel.

A

B

- | | |
|---|---------------------|
| _____ 1. Naganap ang labanan nina Magellan at Lapu-Lapu | A. Pedro Valderrama |
| _____ 2. Ginanap ang kauna-unahang misa sa Pilipinas | B. Limasawa |
| _____ 3. Lugar na kilala bilang Spice Island | C. Mactan |
| _____ 4. Lugar na pinamumunuan ni Rajah Humabon | D. Moluccas |
| _____ 5. Kauna-unahang pari na nagdaos ng misa sa Pilipinas | E. Cebu |



Tuklasin

Panuto: Tukuyin ang konseptong inilarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot saiyong sagutang papel.

- _____ 1. Itinuring bilang pinakamatandang kalye sa Pilipinas.
- _____ 2. Kauna-unahang pamayanang Espanyol naitinatag sa Pilipinas.
- _____ 3. Tawag sa lugar o bansang direktang kinontrol, pinamahalaan at nilinang ng isang makapangyarihang bansa.
- _____ 4. Kinilala bilang isang Lungsod ng Espanyanoong Hunyo 24, 1571.
- _____ 5. Pangalang ibinigay ni Villalobos sa Kapuluan ng Leyte upang parangalan ang susunod na haring Spain o Espanya.

- A. Colon
- B. Manila
- C. Cebu
- D. Kolonya
- E. Felipina



Suriin


Bilang nangungunang bansa sa paggalugad ng mga bagong lupain, ninais ng mga Espanyol na makamit ang karangalan at kapangyarihan nito para simulan ang pagpapalawak ngkanilang teritoryo. Ang lahat ng mga bansa o lupaing nasakop nila ay tuwirang kinontrol, pinamahalaan, at nilinang. Ang pamamahalang ito ay tinatawag na kolonyalismo.

Muling nagpadala ang Espanya ng iba pang ekspedisyon upang balikan ang Pilipinas ngunit nabigo ang mga ito..Noong Abril 27, 1565, pinamunuan ni Miguel Lopez de Legazpi ang panibagong ekspedisyon at narating nila ang Pilipinas. Sa Cebu ay nagsimulang magtatag ng pamayanang Espanyol si Lepazpi. Itinakda ni Legazpi ang Cebu bilang kauna-unahang pamayanan Espanyol sa Pilipinas at pinangalanan niya itong La Villa del Santisimo Nombre de Jesus. Ang Kalye Colon sa Cebu ay itinuring bilang pinakamatandang kalye sa Pilipinas. Noong1569 ay nagtayo ng mga pamayanan si Legazpi sa Panay at sinundan ito sa pagtatag ng pamayanan sa Masbate, Ticao, Burias, Mindoro, Mamburao, at Albay. Nakapagtatag din ng pamayanan ang mga Espanyol noong Hunyo 24, 1571 na kinilala ang Maynila bilang isang bagongLungsod ng Espanya. Dito nagsimulang matupad ang hangaring pampolitika ng bansang Espanya. Itinatag ang Pamahalaang Espanyol sa bansa na kung saan ang mga Pilipino ay napasailalim nito. Isa sa nakikitang dahilan kung bakit madaling nasakop ng mga Espanyol ang halos buong bansa ay dahil sa kawalan ng pagkakaisa ng mga Pilipino noon. Ngunit may mga lugar sa Pilipinas tulad ng ilang lugar sa Mindanao ang hindi napasailalim sa pamamahala ng mga Espanyol bagkus nagpatuloy ang kanilang sistema ng pamahalaan na tinatawag na Sultanato.



Pagyamanin

Panuto: Kumpletuhin ang Graphic Organizer. Ang paglalayag ni Miguel Lopez de Legazpi. Ano-anong lugar sa Pilipinas ang naitayong pamayanan? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.





Isaisip

Panuto: Piliin ang salitang makakabuo ng talata. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.

Nagsimula ang pagtungo ng mga Espanyol sa Pilipinas nang hindi sinasadyang makarating ang ekspedisyong ni **(Magellan/Legazpi)** sa pulo ng Homonhon noong 1521. Naipakilala ang Relihiyong **(Islam/Kristiyanismo)** sa mga katutubo ng mga Espanyol. Hindi nagtagumpay sa pagsakop si Magellan dahil sa pagkamatay nito sa **(Limasawa/Mactan)** na nagdulot ng **(pagkakaroon ng interes/kawalan ng interes)** ng Hari ng Espanya na sakupin ang Pilipinas. Noong 1564, ipinadala ni Haring Felipe si **(Legazpi/Villalobos)** upang tuluyang sakupin ang Pilipinas. **(Nagtagumpay/Nabigo)** ang mga Espanyol na masakop ang Pilipinas. Nagtatag si Legazpi ng unang pamayanang Espanyol sa **(Bohol/Cebu)** at naging pangunahing lungsod ang **(Maynila/Cavite)** noon 1571.



Isagawa

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa mga sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa isang papel.

1. Ito ay bahagi ng kanilang misyon sa pananakop ng mga lupain ang paglaganap ng Relihiyong Kristiyanismo.
 - A. Gold
 - B. God
 - C. Glory
2. Itinuturing na kayamanan ang mga lupaing nasakop ng Espanyol sapagkat napakinabangan nila ang yamang tao at kalikasan nito.
 - A. Gold
 - B. God
 - C. Glory
3. Isang karangalan ng mga mananakop ng makapangyarihang na bansa ang pagkakaroon ng mga kolonya o mga sakop na lupain.
 - A. Gold
 - B. God
 - C. Glory
4. Siya ang itinalaga ng mga Espanyol sa paglaganap ng Kristiyanismo sa mga lungsod.
 - A. Datu
 - B. Prayle
 - C. Alipin
5. Lugar kung saan naganap ang kauna-unahang misa sa Pilipinas.
 - A. Cebu
 - B. Bohol
 - C. Limasawa



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap. Suriin kung ito ay pampulitikang hangarin/ Karangalan, pagpapalaganap ng Kristiyanismo at pangkabuhayan/Kayamanan layunin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Kristiyanismo	Karangalan	Kayamanan
----------------------	-------------------	------------------

- _____ 1. Hangarin ng Espanyol na makamit ang karangalan at kapangyarihan sabuong mundo.
- _____ 2. Hangarin ng Espanyol na ipalaganap ang Kristiyanismo sa Pilipinas.
- _____ 3. Ang Espanyol ay naglikom ng kayamanan sa Pilipinas kagaya ng ginto at pilak.
- _____ 4. Ang kasunduan ng Espanyol at Simbahang Katoliko na ipalaganap, panatilihin at ipagtanggol ang Relihiyong Romano sa Pilipinas.
- _____ 5. Nagpapalaganap ng merkantilismo sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga Espanyol.
- _____ 6. Nagtatayo ng mga pamayanan sa Pilipinas si Miguel Lopez de Legazpi.
- _____ 7. Ginanap ang kauna-unahang misa sa Limasawa noong Marso 31, 1521.
- _____ 8. Sinalakay ng mga Espanyol ang Mactan noong Abril 27, 1521.
- _____ 9. Ang pagbibinyag ng mga katutubo sa Cebu ay pinangungunahan ni Raja Humabon.
- _____ 10. Nais sakupin ng Espanyol ang Pilipinas dahil sa likas na yaman nito.



Karagdagang Gawain

Panuto: Natatandaan mo pa ba ang mga dahilan at layunin ng Espanyol sa pagsakop sa Pilipinas? Isulat ang **T** kung ang sinasaad ng pangungusap ay tama at **M** kung mali. Isulat ang iyong sagot sa isang papel.

1. Natuwa ang mga Pilipino sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa.
2. Nangyari ang unang misa sa Pilipinas noong Marso 20, 1521 na pinangungunahan ni Padre Pedro de Valderrama.
3. Ang ibig sabihin ng “kolonyalismo” ay tumutukoy sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrolng malakas na bansa sa isang mahinang bansa.
4. Sinakop ng mga Espanyol ang Pilipinas upang maging tanyag ang Espanya at Europa.
5. Layunin ng mga Espanyol na kaibiganin ang mga Pilipino upang sakupin ang Pilipinas at makuha ang kanilang mga likas na yaman.



Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

Subukin

1. B	6. D
2. D	7. A
3. B	8. A
4. B	9. D
5. B	10. C

Balikkan

1. B
2. C
3. C
4. D
5. TA

Pagymanin

1. A
2. B
3. C
4. D
5. E
6. F

Tuklasin

1. Ginto
2. Pampalasa/Spices
3. Paminta
4. Bawang
5. Produkto

Aralin 2

BALIKAN

1. Koran
2. Allah
3. Bathala
4. Isla
5. Pagano

Aralin 3

BALIKAN

- 1.C
- 2.B
- 3.D
- 4.E
- 5.A

TUKLASIN

- 1.E
- 2.C
- 3.A
- 4.F
- 5.B

TUKLASIN

- 1.A
- 2.C
- 3.D
- 4.B
- 5.E

PAGYAMANIN

- 1.B
- 2.C
- 3.C
- 4.A
- 5.C

PAGYAMANIN

Cebu, Manila, Masbate, Toca, Bunas, Mindoro, Mambulao, at Albay

ISAGAWA

1.B
2.A
3.C
4.B
5.C

TAYAHIN

1. Karangalan	1. Kristiyanism	3. Kayamanan	4. Kristiyanism	5. Kayamanan
6. Karangalan	7. Karangalan	8. Kristiyanism	9. Karangalan	10. Kayamanan

ISAISIP

1. Magellan
2. Kristiyanism
3. Mactan
4. Pagkakaroon ng Interes
5. Legazpi
6. Ngtagumpay
7. Cebu
8. Maynila

KARAGDAGANG GAWAIN

1.M
2.M
3.T
4.T
5.M

Sanggunian

- Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA) Distance Education for Elementary Schools SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS
- Govan, D., 2005. *File:Garlic.Jpg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Garlic.jpg>> [Accessed 15 June 2020].
- Hubertl, 2014. *File:Black Pepper IMG 4866.Jpg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Black_Pepper_IMG_4866.jpg> [Accessed 15 June 2020].
- Mczuniga26, 2018. *File:Magellan Cross, Cebu City.Jpg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Magellan_Cross,_Cebu_City.jpg> [Accessed 15 June 2020].
- Herald, 2010. *File:Heraldic Royal Crown Of Spain.Svg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Heraldic_Royal_Crown_of_Spain.svg> [Accessed 15 June 2020].
- Kübelbeck, A., 2010. *Silver Bar 01.Jpg*. [online] Tl.m.wikipedia.org. Available at: <https://tl.m.wikipedia.org/wiki/Talaksan:Silver_Bar_01.jpg> [Accessed 15 June 2020].
- Pholikhaz, 2019. *File:Gold Bar.Png - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Gold_Bar.png> [Accessed 15 June 2020].

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph